# "TROLL"

**Nicko Manipis de Guzman**

PARA AKONG NAGBUBUKAS ng aparador tuwing nagbubukas ng Facebook. Ang dami kong pagpipilian, iba't ibang katauhan ang ilalabas at ipapakita sa napakaraming tao.

Buti na lang at inalok sa akin ang trabahong ito. Tamang-tama no'n, kagagradweyt ko lang ng college. Wala na ngang kwenta ang college ko, wala pang kwenta ang kurso ko—Hospitality Management. Call center rin naman bagsak ko, alam ko 'yun, dami pang arte sa pangalan ng kurso. Kesyo gusto ni Mama na maging chef ako, e ayaw ko. Hindi ko naman talaga alam kung ano'ng gusto kong gawin. Unang-una, kailangan na bang malaman? E, pucha, wala pa akong beinte, ang aga pa para masabi kung ano ba talaga gusto ko.

At gano'n na nga ang nangyari. Sinubukan ko namang mag-aplay sa mga hotel tsaka restawran, para lang makuntento si Mama. Wala. Ni isa sa limang inaplayan ko, walang tumanggap sa akin. Lagi na lang natatalo ng ibang college. Bwisit. Kaya, ayun, ako ang tama sa huli. Napagod na rin si Mama sa akin kaya hinayaan na lang niya ako. Basta raw ba may trabaho. Naging isang ganap na nga akong call center agent.

Nakakakalma rin pala ang pagko-call center, akalain mo 'yun. 'Yung paulit-ulit na gawain, nakakabalisa, oo, pero may bagay na nakakapagkalma sa akin dahil sa paulit-ulit na 'yun. Siguro dahil pinatitigil ako sa pag-iisip nito; nakatutok lang ang atensyon ko do'n. O dahil siguro hindi ko na nga kailangang masyadong mag-isip



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 155 11/7/2017 3:38:50 PM

kaya ako nakakalma. Ewan ko, ang labo. Basta, nawala ang isip ko no'n sa kung kuntento ba 'ko sa buhay ko. Nawala ako sa paulit-ulit na mekanismo; pinaamo ang utak ko.

E, nagsawa ako. Bumalik 'yung pag-iisip ko. Siguro pangatlong buwan ko na no'n sa agency. Naburyong ako sa trabaho, nainis. Minsan nga, nasa internet na lang ako, inaaliw ang sarili ko. Nakakatawa ring magbasa ng comments section, mga taong nag-aaway-away sa mga troll. O sa phone, kahit mga lumang laro at app pinagtitiyagaan ko. Paulit-ulit na akong nag-*Fruit Ninja* at nakailang sugar rush na ako sa *Candy Crush*, nakakasawa. Sabi ng mga katrabaho ko, mag-upgrade raw ako sa gadgets ko para hindi ako magsawa at maka-download ng mga bagong app. Luma na raw 'yung Fruit Ninja tsaka Candy Crush. Puta sila.

Handa na akong mag-resign no'n nang biglang may nag-message sa akin sa Facebook. Klinik ko ang pulang notification na kulang sa pansin. Isang itim na equal sign sa maputing background ang litrato ng nag-message, galing raw kay "TAYO Networking Inc." Nakalagay sa mensahe:

> "Good day to you!
>
> We are TAYO Networkinig Inc., ang kinabukasan mo sa tagumpay! We are an outsourcing and networking agency that caters to the different social media websites. Our aim is for the widespread of our multi-tasking and omnipotent online community to invest on compelling discourse about pressing issues and stake controversial opinions on local and international topics."

Ay, wow, ingles. Mukhang opisyal, nasa ingles 'yung sulat.

> "It is a happy day that we announce that after careful and long screening of your profile, we have chosen YOU to be part of this growing community of entrepreneur-communicators of this generation."

Ano? Chosen? Di naman ako nagpadala diyan ng resume. Lokohan naman dito, o.

> "With the help and good heart of your college, we have received numerous applications from your school and you are one of the very few to have been chosen by our panel of experts."

Ayun naman pala. Di naman pala talaga walang kwenta ang college ko.



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 156 11/7/2017 3:38:50 PM

"TAYO Networking Inc. congratulates you in advance for taking this step towards your immediate success and contentment.

The first step to joining our community is to present yourself at our main office for a briefing. In this briefing, you will learn more about the nature of our job and our objectives and protocols in doing them, how much it pays, and who our bosses are.

Once again, welcome to TAYO Networking Inc.! We hope to see you there and don't be late!

Remember, in TAYO Networking, you can be anyone!

Here are the details of your appointment:
ADDRESS: TAYO Networking Inc. Main Headquarters, #1 Balimbing Street, TAYO Development Corporation Village, Quezon City
SCHEDULE: Saturday, 4:15pm – 5:00pm"

Ang assuming ng kumpanyang 'to. Akala nila tatanggapin ko agad, 'kaasar. Pero pupuntahan ko pa rin. Buti na lang at Sabado, hindi sasagasa sa duty. Tsaka, ano bang mawawala sa akin?

Disenteng polo lang na may disenyong stripes (para bagay sa logo nila, isip ko), slacks, at black shoes ang suot ko. Nag-taxi na ako papunta, di ko alam kung pa'no magkomyut do'n. Ang nakakagulat, alam agad nu'ng taxi driver. 'Yung pangalawa raw niyang anak, do'n din daw sa TAYO, dalawang taon na. Sa isip ko, totoo naman pala itong TAYO, akala ko scam. Mabuti na ang maging sigurado, daming nababalitang panloloko ngayon. Sobrang gumaan daw sila sa pamumuhay talaga no'ng pumasok 'yung anak niya (na wala yatang pangalan dahil hindi binanggit ni minsan ni manong), dami raw benefits, mataas kita. Buong biyahe, daldal lang siya nang daldal kung gaano sila nakaahon sa hirap; kung gaano sila nakaipon para makabili ng bahay at kung gaano kalaki ang tulong ng TAYO sa anak niya at sa buong pamilya. Nakakarindi na, sa totoo lang, para akong nanood o nakinig ng kontestant sa *Wowowilee o Eat Bulaga*. OA sa pasasalamat, akala mo Diyos ang pinasasalamatan. Alangan namang bumaba pa ako sa dahilang 'yun, e siya lang may alam ng daan. Tsaka malamig ang aircon ng kotse, ayos na rin.

"E, bakit nagta-taxi pa rin po kayo kung talagang gumaan na buhay n'yo? Hindi ba dapat okay na kayo kung talagang mataas kita ng anak mo?"

Natahimik si Manong. Na-offend yata. Nako, sa isip ko, baka ako ngayon ang



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 157 11/7/2017 3:38:50 PM

pababain nito. Maya-maya, binuksan niya ang radyo at di na nagsalita. Buti na lang at papasok na kami ng village kaya medyo kumampante ang loob ko.

Ang daming pulis sa labas ng tarangkahan papasok ng village, akala mo tuloy Malakanyang. Mula sa labas, makikita ang malawak na entrada ng village, puro hilera lang ng mga puno at bulaklak. Ang sarap siguro tumira dito. Pinatigil kami ng isang pulis at pinababa ang bintana ng taxi. Tiningnan ako nang maigi ng pulis, matagal. Tsaka nginitian.

"Welcome sa TAYO Networking Inc. Handa na ang mga boss sa conference room. Dumiretso ka lang sa main office building at lapitan ang receptionist. Maghintay ka lang sa labas ng kwarto."

Irorolyo ko na sana pababa ang bintana, biglang may pahabol pa ang pulis:

"May aplikante rin pala bago sa iyo na lalabas sa conference room. Bawal mag-usap, estriktong ipinapatupad ng mga boss."

Kinabahan ako sa bilin ng pulis; seryoso ang tono at mukha. Kaya siniguro kong sundin ito.

Kung maganda na ang entrada, mas maganda pa pala sa loob. Nagkalat ang mga matatayog na haligi ng mga halaman at eksotikong bulaklak, malalaking fountain na malakristal ang tubig sa linaw, at mga estatwang kaparis ng mga ginawa ng Griyegong iskultor. May kapansin-pansin nga lang sa mga estatwang ito: lahat sila, pugot ang ulo. Nu'ng una, natakot ako kasi, pucha, lahat pugot ang ulo. Pero, naisip ko na may mga ganyan naman talagang estatwa. Hindi ako expert sa art-art na 'yan pero alam ko may ganyan talaga; naalala ko nu'ng kumuha ako ng Art Studies na klase dati.

Naghanap ako ng mga bahay o mansyon na tabi-tabi, village kasi ang nakasulat sa address ng kumpanya. Wala. Puro damo, puno, at halaman. May ganito pa pala sa loob ng Maynila, ang galing. Habang mas tinititigan ko ang lawak, napapansin kong nakakalula pala. Parang hindi natural 'yung lawak at ganda, ewan ko ba.

Pagdating sa may pangatlong fountain, naaninag ko na ang malaking gusaling pupuntahan namin ng taksing nasakyan ko. Napakaputi ng malaking gusali; parang mga parisukat na iba't ibang haba na pinagsama-sama kaya hindi ko mawari kung ilang palapag ba mayro'n. Kakaiba ang arkitektura, di ko maintindihan basta malaki. Halos sa salamin rin gawa ang buong gusali. At kagulat-gulat, wala akong nakikitang mga tao sa loob. Walang mga naka-power suit na may headphone sa ulo at may itim na checkboard, naglalakad-lakad. Walang mga taong nagkakape o nag-uusap. Walang tao. Ano bang klaseng networking na kumpanya 'to, minumulto. Do'n lang talaga ako napaisip na baka nililoko lang ako nito. Ano 'yung pinagsasabi nilang "growing community", nasaan? Wala na akong magagawa, wala nang atrsan ito. Ilang metro na lang, nasa harapan na ako ng gusali.



likhaanjournal11insidepages110617.indd 158 11/7/2017 3:38:50 PM

Mahaba rin ang entrada ng gusali. Ang hilig naman sa ganito ang lugar na ito, nakakasuya. Isang mataas na pintong gawa sa kristal ang tumambad sa harapan ng gusali. Nakita ko ang mga CCTV: kabi-kabila at sinusundan ang aking galaw. Kusang bumukas ang mga salamin na pinto.

May babaeng nakapusod at nakaitim na blouse sa may gitna ng malawak na—sa tingin ko—ay reception area ng gusali. Kita na mula sa malayo ang suot niyang headphone na may mic na nakausli na nakatapat sa may bibig niya. Ay, salamat at may tao pala, sa isip ko. Lumapit ako sa kinaroroonan ng babae. Nakakulong ang babae sa isang pabilog na mesa. Naroon na lahat ng kailangan niya sa munting pabilog na ‘yun: may kabinet na mababa at may kompyuter sa kaliwang gawi niya. Tumayo agad siya nang maramdam niyang papalapit na ako sa kanya.

“Hi, good afternoon! You’re the 4:15?”

Tumango ako.

“You’re a bit early, so you would have to wait a few minutes, is that okay?”

Himala, maaga ako. Tumango ako. Ngumiti.

“How’s your travel, where did you come from?”

“Diyan lang ako, wala ngang trapik, e.” Hindi ako makatingin nang diretso sa kanya, ang saya niya masyado.

“Oh, that’s good to hear! Did you find our place welcoming? We boast of our vast grasslands and canopy trees.”

“A, oo, maganda nga.” Gusto ko pa sanang itanong kung bakit pugot lahat ng ulo ng mga estatwa pero ‘wag na lang.

“Okay, if you’re all set, please let me escort you to the waiting area of the conference room. Follow me, please.”

Sinundan ko siya at naglakad sa isa na namang mahabang pasilyo. Kinabahan ako bigla. Sumakay kami ng elevator. Nakita ko na apat lang ang button: basement, mezzanine, conference, at top. Ang weird, sa isip ko; ang laki-laki ng building pero apat lang na palapag. Pinindot niya ang “Conference.” Umakyat ang elevator.

Mas kinabahan ako dahil sa katahimikan paakyat ng elevator. Hindi na ako kinausap pa ng receptionist. Pagkababa sa elevator, hindi na sumama sa akin ang babae.

“Go ahead, just sit there for a moment. Once the other person leaves the room, you may enter. Good luck!” Sabay ngiti. Magsasara na ang elevator nang may ihabol na bilin ang babae.

“Oh, and don’t talk to each other. You may be the last applicant for today and will only be getting in contact with one person here but rules are rules. Strict protocol!” Nag-iba ang tono ng babae, nawala ang saya sa mata nang sabihin niya ‘yun. Pero, bigla agad siyang ngumiti. At tuluyan nang nagsara ang elevator.

Tumingin ako sa waiting area. Walang laman maliban sa couch na itim, mesang kristal, water dispenser sa gilid, at maliit na basurahan sa tabi nito. Wala man lang magazine sa mesa. Umupo ako sa couch, tumingin sa labas. Tanaw mula doon ang magugulo at nagtataasang mga gusali at bahay ng Quezon City at ang sanga-sangang mga kable ng mga poste at highway. Ay, oo nga, nasa Maynila pa rin pala ako. Masyado akong nawili sa lugar na ito. Nakalimutan kong nasa Quezon City pa rin pala ako.

Pagkatapos kong aliwin ang sarili ko sa dalawang baso ng tubig at paglalakad, bumukas ang pinto. Lalaking nakapolo rin, slacks, at black shoes. Mukha siyang masaya. Nawala nang konti ang kaba ko. Nagkatinginan kami pero umiwas agad siya. Protocol nga pala. Dumiretso siya ng elevator.

Nang magsara ang pinto ng elevator, ako naman ang pumasok sa conference room. Puti na nga ang pintura ng kwarto, ang lakas pa ng ilaw, nakakasilaw na. May mahabang mesa sa may harap, nakapatong ang tatlong laptop na nakaharap sa nag-iisang silya sa harap nito. Sa likod ng mesa, salamin. Kita ang buong Quezon City sa salamin. Naglakad ako papuntang harap ng mesa, papunta sa nag-iisang silya. Umupo ako. Nasaan ang mga boss? Inisip ko, baka nag-break lang. Tinitigan ko ang itim na mga iskrin ng laptop; natatanaw ko ang sarili ko. Inayos ko ang polo ko at buhok.

"Our last applicant!"

Biglang may nagsalita. Lumingon-lingon ako, hinahanap kung saan nanggaling ang boses. Tumingin ako sa mga laptop at nilapitan ang mga ito.

"Don't stand too close, nakikita ka kaya namin."

"Pero hindi mo kami makikita."

Hindi ko na alam kung aling laptop ang nagsasalita. Bahala na, magsasalita na lang ako dito.

Klinaro ko ang lalamunan ko, ipapakilala ko na sarili ko.

"Huwag ka nang magsayang ng laway, kilala ka na namin."

Natameme ako.

"Tutal, ikaw na ang huling aplikante, 'wag na tayong magpaligoy-ligoy pa."

"Makinig ka na lang sa amin, ha? We're already tired."

Tumango ako.

"So, ang TAYO Networking Inc. ay, according to your letter of invitation ay—"

"Ano po, isa pong outsourcing and networking agency that caters to social media—"

"Yada-yada-yada, yes, whatever. Long story's short, agency kami na nagha-hire ng mga troll sa internet."

"Alam mo naman na siguro kung ano ang troll, ano?"

"Maliban na lang kung nakatira ka sa Mars."



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 160 11/7/2017 3:38:50 PM

Tumango ako. Pucha, may agency pala 'tong mga troll na 'to.

"So, our agency caters to the ruling elite, political dynasties, and the rich families—"

"The Ayalas, Sys, Gokongweis, Villars, Cojuangcos, Romualdezes, Aquinos, Marcoses—"

"And our job is to protect their names."

"And the new battleground, as they say, is the social media networking sites."

"So, we ask our applicants to become these warriors in this battleground. And since these social networking sites don't care if the people who actually use them are real—"

"They only care about how many, sa totoo lang."

"Numbers game naman 'yan forever!"

"We will create and recruit as many warriors as we can."

"So, for newbies like you, we only allow three personas."

"At mahirap na 'yun i-handle, sa totoo lang."

"But, as time passes, we track your performance. We can trace your every move."

"Every move."

Napalunok ako. Every move? Ano 'to, Pinoy Big Brother?

"S'yempre, just to keep track of your progress! And, overtime, we will allow you to create more personas!"

"Kung kaya mo pa."

"Questions?"

Katahimikan. Hindi ako makapagsalita. Ang daming impormasyon; hindi ko maproseso. Pero ang unang lumabas na tanong ay ang sweldo. Bago pa ako makapagsalita, naunahan na naman ako.

"Ay, shucks, nakalimutan natin ang pinakamahalagang detalye!"

"Alin?"

"Sweldo!"

Tawanan silang tatlo.

"Your starting salary will be 30, 000 pesos. Per month."

Tumaginting ang mga mata ko. Ito na 'yun.

"Kailan ako pwedeng magsimula?"

Tawanan lang sila. Bukas na bukas raw ay pwedeng-pwede na dahil hindi naman ito desk job na kailangang puntahan araw-araw sa main office. "Work from home," 'ika nga nila. Ako na raw ang bahala sa paggawa ng mga persona, hindi naman kailangang seryosohin kasi pangalan lang ang kailangan. Nagpirmahan na ng kontrata. Tapos ang meeting.



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 161 11/7/2017 3:38:50 PM

Kinagabihan, nakagawa na ako ng tatlo. Si Kiko, si Jessy, at si Romy. Kumukuha lang ako ng random na litrato sa Google para sa mga profile pictures nila. Minsan nga, hindi na kailangang tao, e. Kahit cartoons o kotse. O sunset. Pare-parehong pangalan pero iba-ibang picture kada social media site. Iyong mga nilalagay naman naming comment, copy-paste lang 'yun galing sa agency na tinitingnan na lang namin kung akma ba do'n sa post. Kaya, hindi ko kailangang mag-isip. Pero, malaki ang bayad—mas malaki kahit sa ano pang pinagtrabahuhan at inaplayan ko. Kaya, okay na lang rin kahit paulit-ulit.

Sa taas ng sahod, wala na yata akong mairereklamo. Nabibili ko na ang lahat ng gusto ko: mamahaling damit na may tatak ng Armani, Polo, Marks & Spencer, masasarap na pagkain na tatlo ang digit sa menu kada plato, at sangkatutak na gadget na iba't iba ang laki ng iskrin. S'yempre, 'yung mga gadget ay para na rin sa trabaho pero para talaga sa mga apps ko 'yun. Gusto ko sana ng kotse at condo kaso kapag gusto kong mag-ipon, tumataginting na naman mga mata ko sa mga dagat-dagatang mga bagay sa mall.

Nagtaka ang maraming tao sa paligid ko sa biglaang pag-iba ng buhay ko. Basta ang sinasabi ko, bagong trabaho. Wala na rin naman silang maitatanong pa kasi nakikinabang sila dahil panay ang libre ko. Nako, lalo na mama ko, may bagong blouse buwan-buwan; at linggo-linggo kami kung kumain sa labas. Ako na nga ang nagbabayad ng kuryente't tubig namin. Ang sarap maging mayaman; ang gaan ng buhay.

Ginalingan ko pa sa trabaho, kailangan ko pa ng pera. Lahat talaga tiniktikan ko; lahat ng post basta tungkol sa pulitika o kahit ba binanggit lang ang pangalan ng politiko, comment lang. Hindi ko tinantanan mga posts sa internet, maya't maya ang like, status, at comment ko. Pero, minsan, napapaisip talaga ako sa trabahong 'to. Ang dali—napakadali kung ikukumpara ko sa mga magsasaka at manggagawang nagpapawis talaga tapos kakarampot ang sahod. E, ako, tiba-tiba sa pera tapos kung ano-ano lang na katarantaduhan ang pinagsasasabi ko para umangat pang lalo ang mga gagong nagpapahirap sa kanila. Inaaway ko ang mga tao para baguhin ang kasaysayan, para bumango ang pangalan ng mga magnanakaw, mamamatay-tao, at masasama sa bansa. Nagkakalat ako ng maling impormasyon! Ang nakakaawa, ang daming naniniwala sa akin! Pucha, sabi ko, kaya siguro troll ang tawag sa amin. Magic ang ginagawa namin! Instant comment, baliktad ang kasaysayan, baliktad ang moralidad, walang utak ang mga tao!

Minsan, 'pag nakokonsensya ako, mapapatitig na lang ako sa langit; magmumuni kung ano ba itong ginagawa ko. Sa isip ko, e kung tama naman itinuturo sa mga tao sa eskwelahan, di naman nila ako—kami—paniniwalaan agad-agad, di ba? Maayos



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 162 11/7/2017 3:38:50 PM

pa naman ang sistema ng edukasyon natin, di ba? Babalik ako sa kompyuter at malalaman ang sagot. Ayun, sangkatutak na like at share sa picture ni Leni Robredo na may sungay. Sangkatutak na puso at star sa status na "misinterpreted" lang si Duterte tungkol sa panggagahasa sa babae at walang kwenta ang media. Sangkatutak na retweet at reblog sa maganda raw ang dulot ng Martial Law ni Marcos kahit pa ibinaon niya ang Pilipinas sa malalalim na utang at pumatay ng marami para sa "bagong lipunan." Gusto kong itigil pero pagdating ng sweldo, nawawala lahat ng pangamba ko. Iba nagagawa ng pera, grabe.

Akala ko wala na akong maireklamo: masaya na ako, ang dami kong bagay, nasa akin na lahat ng gusto ko. Kaso, nalunod ako sa mga materyal na bagay. Nagsawa ako sa mga nabili ko. Naipon lang sila sa kwarto ko, sa buong bahay. Bumili na ako ng condo kasi hindi na kasya sa bahay namin ang mga bagong pinagbibili ko. Napapasaya ko naman mga tao sa paligid ko kaya hindi ko naisip na madamot ako sa yamang ito. Isang beses nga, wala akong mapaggastusan, nag-donate ako sa ospital ng kalahati kong sweldo. Anonymous donation. Wala akong magawa, e. Gano'n pala, 'no, kapag mayaman o yumaman. Hindi mo na alam kung saan gagastusin ang pera.

Gastos ako nang gastos para sa pagkain, pasyal, at pasarap sa buhay. Bili ako nang bili ng mga binebenta sa TV na mga stainless steel na palayok tsaka 'yung magic na tuwalya na kayang pumunas sa kahit anong sebo at mantsa, mga walang kwentang bagay na itinatapon o ipinamimigay ko lang rin kung kani-kanino 'pag nagamit ko na nang isang beses. Hanggang sa magulat na lang ako na wala nang laman ang bangko ko. Patay.

May naipon ako kahit papaano kaya tumagal kami ni Mama sa perang iyon ng isang buwan. May sweldo pa ring pumapasok pero hindi na nito nasusustentuhan ang mga bayarin; lalo na dahil sa pagbili ng bagong condominium at pagtaas ng bill sa kuryente at tubig dahil sa mamahaling mga palamuting gadget sa bahay. Hindi kami nagpatalo sa pride. Pinanatili namin ang karangyaan at yaman namin ni Mama kahit naghihirap na kami. Gusto ko pa ring maranasan ang buhay-mayaman; matagal ko itong pinangarap. Napakainit ng mga titig, napakatalas ng mga tsismis. May kailangan akong gawin para ipagpatuloy ang marangyang pamumuhay na ito.

Humingi ako ng advance na sweldo sa TAYO Networking Inc. Ito ang reply nila:

"Good day, valued employee!

The track record on your performance for TAYO Networking Inc. is exceptional so your request for an advance in salary is approved! On one condition.

Though your performance is excellent, it is not sufficient. Our great company is under attack, our accounts are slowly being taken down and their identities have been compromised. The people are more aware now of the nature of our work, and



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 163 11/7/2017 3:38:50 PM

now is the time more than ever that our employees need to step up their game.

In order to get the advanced salary, we are requesting you to personalize your personas and make them more "alive" and believable as entities on our social media sites. In short, make them more sociable!

Good luck and thank you for your undying support!

Remember, in TAYO, you can be anyone!"

Challenge accepted.

Nagsimula ito sa paraan ng pagsagot sa comments section, pag-reply sa tweets, at pag-status nila sa social media. Nu'ng una, kung ano 'yung comment sa agency, iyon na ang iko-comment ko. Pero, mas kinilala ko pa nga ang mga personang ginawa ko. Bigla, si Kiko, mas palamura. Si Jessy naman, mas madrama. At may sarili nang pananalita si Romy, gumagamit ng maraming "charot" at "chaka." Alam na ni Kiko kung ano'ng mura ang sasabihin kapag may Yellowtard na kumontra kay Duterte. Alam ni Jessy ang nakakaiyak na kuwento kung paano tinulungan ng mga Sy gamit ang foundation kapag may umatake sa kontrakwalisasyon ng SM. Alam na ni Romy ang mga emoji at emoticon na gagamitin kapag may nang-hashtag na #NeverAgain at #NeverForget tungkol sa Martial Law, ill-gotten wealth, at human rights violations ng mga Marcos. Alam na alam na nila.

Dumaan ang buwan at linggo na puro ganito. Sobrang natuwa ako kina Kiko, Jessy, at Romy. Talagang kinilala ko na ang mga personang ito, binigyan ko na sila ng sariling buhay. Hindi na lang ako nagko-comment at namba-bash ng mga social media users bilang sila. Nagpo-post na rin ako ng mga ginagawa nila sa pang-araw-araw: kung ano ang mga hilig nilang gawin tuwing weekend; kung ano mga pinanonood nila sa TV at sinehan sa mga libreng oras; kung ano ang mga paborito nilang kainin at pasyalan, paboritong kulay, mga kinakatakutan, mga pangarap sa buhay. Ang saya nito.

Nagmensahe ang TAYO Networking Inc. Ang sabi nila:

"Good day to you, valued employee!

TAYO Networking Inc. has been keeping an eye on you and your performance and we congratulate you for being one of the top employees these past few months! As a reward, we are giving you the special task of creating more personas for our growing team! Congratulations on getting this once in a lifetime task! We are expecting your new personas within the day. We expect the same calibre of effort that you put in your previous personas.

Thank you and good luck!"

Challenge accepted. Gumawa agad ako ng lima pang persona. Kayod agad, personalize agad. Sige lang para sa pera. Maya-maya, gumawa pa ako ng lima pa.



likhaanjournal 11 inside pages 110617.indd 164 11/7/2017 3:38:50 PM

Tapos, lima pa ulit. Ang saya-saya, ang dami na namin!

Di nagtagal, buhay na lang nila ang inaatupag ko. Wala na akong pakialam sa trabaho. Ang bago kong trabaho ay ang pananatiling buhay ng mga persona.

Dalawang linggo na akong di lumalabas ng bahay. Kinakausap ako ni Mama pero hindi na lang ako sumasagot. Nag-uunahan ang mga persona sa utak ko kung paano sasagutin si Mama, nag-uunahan kung sino ang gustong mabuhay. Si Kiko, naka-sampung putang ina na dahil sa pagkaburyong. Si Jessy, tumakbo na sa mga braso ni Mama at yumakap; magdadrama at iiyak. Si Romy, tatawanan lang si Mama at aayain si Mama na kumain sa baba. Pero, wala. Nakatitig lang si Mama sa akin; naghihintay ng sagot. Nakikita ko sa mata niya ang takot. Ano kaya ang nakikita niya sa mata ko? Kaninong mata?

Gumigising akong hindi ko na kilala kung sino ako. 'Yung talagang ako. Minumulat ko ang mata ko bilang si Kiko, pinapatay ang alarm at sinasagad ang five minutes (na umaabot ng fifteen minutes) pang tulog, hanggang sa bumangon ako't mag-almusal. Naliligo't nagsesepilyo akong parang si Jessy; napakaselan sa dumi pero alam kung gaano karaming minuto lang dapat ang ibigay dito. Sumasakay ako ng FX dahil ayaw ni Romy sa bus, nahihilo sa bilis.

Hindi ko na alam.

Hinanap ko kung sino na nga ba ako. Baon na sa sangkatutak na account ang aking ako. Ang dami-dami ko nang inilagay at inimbentong pangalan na hindi ko na maalala kung kanino ba 'yung akin, kung sino ba ako sa mga 'yan. Click ako nang click. Scroll ako nang scroll, pataas-pababa. Click. Mali, sarado. Bukas ulit, click.

Click.

Biglang nagsara ang kompyuter. Nagdilim ang screen ng monitor. Bumilis ang tibok ng puso ko, naramdaman kong sumikip ang dibdib ko. Ginalaw-galaw ko ang mouse, pinindot-pindot ko ang power button. Wala. Binuksan ko ang iba ko pang gadget: ang tablet, ang mga phone. Nagloloko lahat, nagsasara kapag binubuksan ko. O kaya nagha-hang. Sumuko na ako. Bumalik ako sa harap ng kompyuter at umupo sa silya sa harap nito. Napatitig ako sa maitim na iskrin. Ang dilim-dilim. Sa isang sandali, may aninag na nag-aaparisyon. Unti-unting lumilinaw sa mga mata ko ang aninag sa iskrin. Nakita ko ang isang mukha: hindi ko na kilala.



likhaan journal 11 inside pages 110617.indd 165 11/7/2017 3:38:50 PM